# NASA GITNA
## (Easter People Series, Part 1)
**A Lord's Flock Praise and Worship Topic**

By: Sis. Techie Rodrigue, Elder-Founder

Marso 22, 2025

Bilang mga Kristyano, naniniwala tayo at nabubuhay na may pag-asa at tuwa sa muling pagkabuhay ni Kristo. Kadalasan, naiiwan tayong "nasa gitna" ng mga mahihirap na pagsubok na dapat nating harapin. Ipinapakita ng Banal na Kasulatan ang mga taong nakalampas sa ganitong sitwasyon maski naipit sila sa gitna. Ganito rin ang nararanasan natin kung tinawag tayo ng Diyos ayon sa Kanyang kalooban (Roma 8:28).




**1.Sa anong mga sitwasyon nakikita ang ating sarili na nasa gitna, at paano natin napagtagumpayan ang mga ito sa kabila ng mga pagsubok?**

**1.1Kung nagpasya na tayong sumunod sa Diyos**

Pagkatapos ng ating *renewal*, sabik tayong hanapin ang Diyos, pag-aralan ang Banal na Kasulatan, at dumalo sa mga *prayer meeting*. Ngunit sa gitna ng ating espiritwal na paglalakbay, nakararanas tayo ng lungkot, kabiguan, kawalan ng pag-asa. Para mapaglabanan ang mga ito, ang Lord's Flock Community ay nagsa sagawa ng "Maturing at Equipping the Saints" Seminars.

**1.2 Kung makikilakbay tayo sa Panginoon**

Pinatigil ni Hesus ang unos noong naglalayag sila sa Dagat ng Galilea, at sinabi Niya sa mga takot na alagad na maging mahinahon habang bumubugso ang malakas na unos at sa kalauna'y humupa na ito (Mt. 8:23-27).

**1.3 Kung naglilingkod tayo sa Diyos sa pamamagitan ng iba't ibang ministeryo**

Hindi nangangako ang Diyos nang puro galak at tuwa kung maglingkod tayo (Sirach 2:1); ngunit nangako Siya na palagi natin Siyang kasama (Josh. 1:9; Jn. 10).

**1.4 Kung gagamitin tayo ng Diyos sa Kanyang layunin**

Pagkatapos ng *renewal* ni Sis Techie noong 1980, nakaranas siya ng mga pagsubok para mahubog ang kanyang pag-uugali (1 Tim. 3). Sa kabila ng mga pagsubok, sumunod siya sa tawag ng Diyos sa pagtatag ng mga komunidad at natagpuan niya ang Diyos.

**1.5 Kung tayo ay nakapako sa ating krus**

Noong nakapako si Hesus, nasa gitna Siya ng dalawang magnanakaw (Jn. 19:13-18). Dapat lagi nating nakikita ang Panginoon sa gitna ng ating mga pagsubok.

**1.6 Kung tayo ay nakakulong sa ating *"panic room"***

Noong nagpakita si Hesus sa Kanyang mga alagad pagkatapos ng Kanyang kamatayan (Jn. 14), tiniyak Niya sa kanila ang kapayapaan at kapangyarihan mula sa Espiritu Santo, at sila ang magiging mga saksi Niya hanggang sa dulo ng daigdig.

**2.Bakit pinapahintulutan ng Diyos na makaranas tayo ng mga pagsubok?**

Ipinangako Niya na ang Kanyang biyaya ay sapat sa ating pangangailangan (2 Cor. 12:9).

**Konklusyon:**

Sa bawat pagsubok na nararanasan natin, ang Diyos ay laging "nasa gitna." Kaya, ang ating lakas at tapang ay dapat naka-angkla sa Diyos na nagbigay sa atin ng katiyakan na hinding-hindi Niya tayo pababayaan.

**Pagninilay:**

1. Paano ka nakawala sa sitwasyong ikaw ay nasa gitna?
2. Ano ang hinihingi ng Panginoon na dapat mong gawin para sa Kanya?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #kahulugan #layunin